
**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**

*Comision Para sa Pagsasalin*

*Mayo 3*




# ANG PAGKAKATAGPO SA MAHAL NA SANTA CRUZ
## NG ATING PANGINOONG JESUCRISTO

*Misa "Nos autem"*
*• I cl. • Doble II cl. • Pula*

Ayon sa matandang tradisyon ng Simbahan, sinasabing si Santa Elena, Imperatriz, ang nakatagpo sa banal na Krus ng ating Poong Jesus doon sa Jerusalem. Ito'y matapos mapakita sa kaniyang panaginip kung nasaan ang talagang lugar ng pinagpakuan ng Manunubos. Kaya't itinatag ang petsa na ito bilang taunang paggunita sa pagdadala ng Kahoy ng Krus sa panahon ng panunungkulan ni Heraclito bilang Emperador ng Roma.

Ngayong araw, itinturo sa atin ang kapangyarihan ng Krus ni Jesus. Nakapagpapalayas ito sa Diablo dahil ang noo'y kaparaanan ng kahihiyan ay naging tanda ng lahat ng mga tao nitong kanilang kaligtasan. Ang antanda ng krus na ito'y ginagamit na ng mga unang Cristiano, at magpasa hanggang ngayon ay patuloy nating ginagawa sapagka't ito ang kaligtasan natin. Huwag nating ikahiya ang ating pananampalataya! Huwag nating ipagsawalang-bahala o ikahiya ang Krus! Doon sa Krus, ipako na natin ang ating mga lumang kasalanan at masasamang nakasanayan at muling bumangon sa bagong buhay na ipinagkakaloob ng Dios sa atin. Yakapin nating maligaya ang lahat ng ating paghihirap sa lupang ibabaw dahil kasama natin si Cristo na bumubuhat sa ating mga pasanin.

# ANG MISA

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA** • *Gal 6:14*

**NOS** autem gloriári opórtet in Cruce Dómini nostri Jesu Christi: in quo est salus, vita et resurréctio nostra: per quem salváti et liberáti sumus, allelúja, allelúja. — *Ps 66:2* Deus misereátur nostri, et benedícat nobis: illúminet vultum suum super nos, et misereátur nostri. *V.* Gloria Patri. Nos autem.

**WALA TAYONG** dapat ipagmapuri kundi ang Krus ng ating Panginoong Jesucristo: sapagka't sa Kaniya ang kaligtasan, buhay, at muli nating pagkabuhay: at sa pamamagitan niyon tayo'y naligtas at napalaya, aleluya, aleluya! — *Salmo 66:2* Kahabagan at pagpalain nawa tayo ng Poong Dios, at liwanagan tayo ng kaniyang mukha, at matang-mahabagin tayo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Wala tayong...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**DEUS,** qui in præclára salutíferæ Crucis Inventióne passiónis tuæ mirácula suscitásti: concéde; ut, vitális ligni prétio, ætérnæ vitæ suffrágia consequámur: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

**O DIOS** ginawa Mong ang marilag na Krus ng aming kaligtasan ay muli mong pinabago ang kahanga-hangang gawain ng aming katubusan: ipagkaloob Mong sa sakdal-halaga nitong nagbibigay-buhay na kahoy ng Krus ay ipagkamit naman sa amin ang buhay na walang hanggan. Sapagka't Ikaw ang nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

*Sa Missa Lecta, may paggunita kila Papa San Alejandro, San Eventio, San Teodolo, at San Juvenal, Mga Martir:*


**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**PRÆSTA,** quǽsumus, omnípotens Deus: ut, qui sanctórum tuórum Alexándri, Evéntii, Theodúli atque Juvenális natalítia cólimus; a cunctis malis imminéntibus, eórum intercessiónibus, liberémur. Per Dominum.

**ISINASAMO** namin sa iyo, O Dios na makapangyariha, upang kaming ginugunita ang pagsilang sa Langit ng iyong mga Banal na sina San Alejandro, Eventio, Teodolo, at Juvenal, pakundangan sa kanila'y mapalaya kami mula sa lahat ng mga nagbabadyang panganib. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

# Panalangin kay Jesucristong Nakapako sa Krus

**Ipinagkakaloob sa mananampalataya ang Indulhensya Plenarya, o ang buong pagpapatawad ng mga parusa gawa ng kasalanan, sa bawat Biyernes ng Kwaresma. Samantala, sa ibang Biyernes ng taon, Indulhensya partial lamang.*



**NARITO AKO,** katamis-tamisan at butihin kong Hesus, na naninikluhod sa kamahal-mahalan Mong harapan, nanalangin at hinihingi ko sa Iyo, na ilimbag Mo sa aking puso ang buhay na pananampalataya, ang matibay na pag-asa, at nag-aalab na pag-ibig, ang tunay na pagsisisi sa aking mga kasalanan at ang matibay na pasyang magbagong buhay; samantalang pinagninilay-nilayan ko ng buong pagkalunos ng aking loob ang lima Mong sugat at inaalala ko ang inawit sa Iyo ng banal na Propetang si David: "Binutasan nila ang aking mga paa't kamay; mabibilang ang lahat kong mga buto." *Siya nawa.*

### ANTIPONA SA KOMUNYON

**PER** signum Crucis de inimícis nostris líbera nos, Deus noster, alleluia.

**SA TANDA** ng banal na Krus na ito, Diyos namin, iligtas mo kami sa aming mga kaaway, aleluya.

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**REPLÉTI** alimónia cœlésti et spirituáli poculo recreáti, quǽsumus, omnípotens Deus: ut ab hoste malígno defendas, quos per lignum sanctæ Crucis Fílii tui, arma justítiæ pro salúte mundi, triumpháre jussísti. Per eúndem Dóminum.

**BINUSOG** nitong makalangit na pagkain, at pinatid ang uhaw namin sa kalis ng kaligtasan, isinasamo namin sa iyo, O Dios na makapangyarihan, upang ipagtanggol mo kami sa lahat ng lilo ng kaaway, yamang ipinag-utos mong ipagbunyi namin ang krus ng iyong banal na krus, ang kalasag ng kabanalan at katuwiran para sa katubusan ng sandaigdigan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Missa Lecta, may paggunita kila Papa San Alejandro, San Eventio, San Teodolo, at San Juvenal, Mga Martir:*

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**REFECTI** participatióne múneris sacri, quǽsumus, Dómine, Deus noster: ut, cujus exséquimur cultum, intercedéntibus sanctis tuis Alexándro, Evéntio, Theodúlo et Juvenále, sentiámus efféctum. Per Dóminum.

**PINAGINHAWA** nitong aming pakikinabang sa mga banal Mong kaloob, isinasamo namin sa Iyo, O Panginoong Dios namin, upang kaming gumanap sa pagdiriwang ngayong araw, nawa'y maramdaman namin ang paglingap para sa amin ng iyong mga banal na sila Alejandro, Eventio, Teodulo, at Juvenal. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### SULAT • *Fil 2:5-11*

Pagbasa mula Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos.

**MGA KAPATID:** Naging masunurin si Kristo hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus. Dahil dito, siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Sa gayon, sa pangalan ni Jesus *(maniklubhod ang lahat sa mga katagang)* ay luluhod at magpupuri ang lahat ng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa. At ang lahat ay magpapahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama— *R.* **Salamat sa Dios.**

### DAKILANG ALELUYA • *Ps 95:10*

**Allelúia, allelúia.** *V.* Dicite in gentibus, quia Dominus regnavit a ligno.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Ihayag mo sa lahat ng mga bansa, naghari ang Panginoon sa kahoy ng krus.

**lleluia.** *V.* Dulce lignum, dulces clavos, dúlcia ferens póndera: quæ sola fuísti digna sustinére Regem cœlórum, et Dóminum **Alleluia.**

**Aleluya.** *V.* Anong tamis ng kahoy, tamis ng pako at ang bigat may ligayang inaasam: sapagka't ito ang tanging kahoy na naging dapat mataglay sa Hari at Panginoon ng langit. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Jn 3:1-15*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**NOONG PANAHONG IYON:** May isang Pariseo na nagngangalang Nicodemo na pinuno ng mga Judio. Isang gabi, pumunta siya kay Jesus at sinabi, "Rabi, nalalaman po naming kayo'y isang tagapagturong mula sa Diyos, sapagkat walang makakagawa ng mga himalang ginagawa ninyo kung wala sa inyo ang Diyos." Sumagot si Jesus, "Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang paghahari ng Diyos." "Paanong maipapanganak pang muli ang isang taong matanda na? Makakapasok pa ba siya sa sinapupunan ng kanyang ina para muling ipanganak?" tanong ni Nicodemo. Sagot naman ni Jesus, "Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang taong ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu. Huwag kang magtaka sa sinabi ko sa iyo, 'kayong lahat ay kailangang ipanganak na muli.' Umiihip ang hangin kung saan nito nais at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan pupunta. Ganoon din ang bawat ipinanganak sa Espiritu." "Paano po mangyayari iyon?" tanong ni Nicodemo.

Sumagot si Jesus, "Guro ka pa naman sa Israel, hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito? Pakatandaan mo: ang sinasabi namin ay nalalaman namin, at ang pinapatotohanan namin ay nasaksihan namin, subalit hindi ninyo tinatanggap ang aming patotoo. Kung hindi ninyo pinaniniwalaan ang mga sinasabi ko tungkol sa mga bagay dito sa mundo, paano pa ninyo mapapaniwalaan ang sasabihin ko tungkol sa mga bagay doon sa langit? Wala pang sinumang umakyat sa langit kundi ang bumabâ mula sa langit, ang Anak ng Tao. At kung paanong itinaas ni Moises ang tansong ahas doon sa ilang, gayundin naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 6:5*

**DEXTERA** Dómini fecit virtútem, déxtera Dómini exaltávit me: déxtera Dómini fecit virtútem : non móriar, sed vivam, et narrábo ópera Dómini, alleluia.

**NAPUPUNO** ng kapangyarihan ang kanang kamay ng Panginoon: itinaas ako ng kaniyang kanang kamay! Makapangyarihan ang kaniyang kanang kamay! Hindi ako papanaw kundi mabubuhay, upang ihayag ang dakilang gawa ng Poon, aleluya!

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**SACRIFICIUM,** Dómine, quod tibi immolámus, placátus inténde: ut ab omni nos éruat bellórum nequítia, et per vexíllum sanctæ Crucis Fílii tui, ad conteréndas potestátis advérsæ insídias, nos in tuæ protectiónis securitáte constítuat. Per eúndem Dóminum.

**KALUGDAN** mo po, O Panginoon, ang paghahain na aming iniaalay sa Iyo, upang sa bisa nito'y maligtas kami sa mga sindak ng digmaan, at sa watawat ng banal na krus ng Iyong Anak, nawa'y itatag Mo kaming matibay sa Iyong pagsasanggalang at wasakin ang kapangyarihan ng lahat naming mga kaaway. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Missa Lecta, may paggunita kila Papa San Alejandro, San Eventio, San Teodolo, at San Juvenal, Mga Martir:*

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**SUPER** has hóstias, quǽsumus, Dómine, benedíctio copiósa descéndat: quæ et sanctificatiónem nobis cleménter operátur, et de Sanctórum nos sollemnitáte lætíficet. Per Dominum.

**PUMANAOG** nawa ang iyong pagpapala, O Panginoon, dito sa mga alay: at sa Iyong awa'y matulungan mo kaming maging banal at magalak sa dakilang pista nitong iyong mga Banal. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### PREPASYO NG BANAL NA KRUS

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus:

Qui salútem humáni géneris in ligno Crucis constituísti: ut, unde mors oriebátur, inde vita resúrgeret: et, qui in ligno vincébat, in ligno quoque vincerétur: per Christum, Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítti iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:
— **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa itinakda mo na ang kaligtasan ng sangkatuhan ay maganap sa kahoy ng Krus, upang ang pinagmulan ng kamatayan ay magdulot sa amin ng buhay, at ang nanaig sa kahoy ay madaig naman sa krus, alang-alang kay Cristong Panginoon namin.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:
**— Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**